

Patnubay sa Change of Status of Residence, at pagbabago ng Period of Stay (Rebisyon)

Kawanihan ng Imigrasyon, Kagawaran ng Katarungan

Pagpapasya - Marso 2008

Rebisyon - Marso 2009

Rebisyon - Marso 2010

Rebisyon - Hulyo 2012

Rebisyon - Marso 2016

Ang “change of status of residence” at “renewal of period of stay” na ayon sa Immigration Control and Refugee Recognition Act (tatawaging Immigration Act sa ibaba.), ay pahihintulutan lamang kung mayroong wastong dahilan na sasapat upang pahintulutan ng minsitro ng kagawaran ng katarungan. Ang pasya kung mayroon o walang wastong dahilan ay ipinagkatiwala sa ministro ng kagawaran ng katarungan, ang pagpapasya sa ibibigay na pangkalahatang konsiderasyon tungkol sa mga gawain ng aplikante, kalagayan ng paninirahan, kahalagahan ng paninirahan ay pag-iisipan ayon sa mga pahayag tulad ng nasa ibaba.

Gayunman, bahagi ng mga pahayag sa ibaba, ang pagiging ayon ng taglay na status of residence ng 1, ay kakailanganin sa pagpapahintulot. Gayundin, sa karaniwan ay kakailanganin ang mga pagtugon ukol sa batayan ng “entry permission” ng 2. Magiging pangunahing batayan ang mga bagay sa 3 pababa kung mayroon o walang angkop na dahilan kung ay ito maituturing na wasto, maaaring hindi pahintulutan ang pagpapalit o pagbabago matapos na bigyan ito ng pangkalahatang konsiderasyon kahit na lahat ng sitwasyon ay umayon sa mga pahayag na ito.

Sa karagdagan, upang maipatupad ang pagtataguyod sa paggamit ng Social Insurance, kakailanganin na Insurance Card ay ipakita sa oras ng aplikasyon simula Abril 1, 2010 (Heisei 22).

(Paunawa) Ang hindi pagpapakita ng insurance card o certificate ay hindi magiging dahilan upang hindi pahintulutan ang aplikasyon sa “change of status of residence” at renewal ng “period of stay”.

1 Kailangan na umaayon sa ia-apply na status of residence na binabanggit sa Immigration act attachment ang mga gawain.

Ang mga gawain ng banyagang nagsasagawa ng aplikasyon ay kinakailangan na mga gawain na binabanggit sa pahayag sa ibaba ng parehong tala tungkol sa status of residence na binabanggit sa attachment blg.1 ng Immigration act, at mga gawain bilang isa na nasa katayuan o kaya posisyon na binabanggit sa pahayag sa ibaba ng parehong tala tungkol naman sa status of

residence na binabanggit sa attachment blg. 2 ng Immigration act

2 Siguruhin ang pagsunod sa batayan ng pahintulot ng paglapag na nakatalaga sa ordinansa ng Kagawaran ng Katarungan.

Pagsunod sa batayan ng pahintulot ng paglapag na nakatalaga sa ordinansa ng Kagawaran ng Katarungan ay batayan sa iksamen sa mga dayuhan lumapag sa Japan. Ang batayan ng pahintulot ng paglapag na itinalaga ng Kagawaran ng Katarungan ay nagsisilbing sanggunian para sa pagsusuri ng pahintulot ng paglapag kapag ang isang dayuhan ay lumapag sa Japan. Bilang patakaran, ang mga aktibidad ng taong may naangkop na pahintulot, gayundin ang pagpapanibago ng status ng paninirahan at panahon ng paninirahan ay kinakailangang naaayon sa batayan ng pahintulot ng paglapag, alinsunod sa Immigration Control Recognition of Refugee Status Law at kahiwalay na talaan 1-2 o 4.

Dagdag pa rito, kung mananatili matapos matanggap ang pahintulot para sa paglapag batay sa "itinalagang aktibidad" na status ng paninirahan na tumutugon sa "notipikasyon tungkol sa mga aktibidad na nakatala sa kanang bahagi nakolumna ng Kalakip na Talaan I (5) (limitado sa bahaging tumutukoy sa Item (d)) ng Immigration Control and Refugee Recognition Act alinsunod sa kriterion ayon sa Artikulo 7, Talata (1), Item (ii) ng nabaggit na Act" (pampublikong notipikasyon ng itinakdang aktibidad), o status ng paninirahan na "long-term resident" na tumutugon sa "notipikasyon tungkol sa mga posisyon na nakatala sa kanang bahaginakolumna sa ilalim ng "Long-term Resident" ng Kalakip na Talaan II ng Immigration Control and Refugee Recognition Act alinsunod sa kriterion ayon sa Artikulo 7, Talaga (1), Item (ii) ng nabanggit na Act" (pampublikong notipikasyon ng mga long-term residents), ayon sa tuntunin, kinakailangang patuloy na matugunan ang mga kondisyon ng parehong notipikasyon.

Sa pagkakataon na ang aplikante ay hindi na makatutugon sa mga rekisitos dahil sa pagbabago ng kalagayan mula nang unang dumating sa Japan o dahil sa pagtanda, ito ay hindi kaagad nangangahulugan na mawawalan siya ng pahintulot.

3 Walang gawain na hindi mabuti

Kailangan na mabuti ang mga gawain, ang hindi pagiging mabuti nito ay magiging sanhi upang magkaroon ng negatibong pasya. Sa kumpletong pananalita, ang paggawang mga bagay upang mahatulan ng parusang tulad ng deportasyon, o pag-aayos ng ilegal na trabaho at iba pang mga bagay na hindi maaaring sangayunan ng kawanihan ng imigrasyon ay ituturing na hindi mabubuting gawa.

4 May sapat na pag-aari at abilidad upang itaguyod ang sariling pamumuhay

Kailangan na ang kalagayan ng araw-araw na pamumuhay ng aplikante ay hindi

magiging pabigat sa komunidad. Pahihintulutan kung inaakala na ang pamumuhay niyaay matatag dahil sa angkin niyang pag-aari, abilidad at iba pa (sasapat kung kada sambahayan ang basehan), gayunman, kahit na siya ay nagiging pabigat sa komunidad ngunit mayroong makataong dahilan upang pahintulutan ang kaniyang paninirahan, ang dahilang ito ay pag-aaralan ng husto bago bigyan ng pasya.

5 Karapat-dapat ang mga kondisyon sa empleyo/trabaho

Kung nagtatrabaho (nais magtrabaho) sa Japan, kailangan na ang mga kondisyon sa empleyo/trabaho kasama na ang part-time ay umaayon sa batas kaugnay sa pagtatrabaho.

Gayunman, kapag napag-alaman na ang nag-aapply ay mayroong hatol dahil sa paglabag sa batas kaugnay sa pagtatrabaho, ang kasong ito ay pag-aaralan ng husto bago bigyan ng pasya dahil karaniwan ng walang responsibilidad ang aplikanteng banyaga.

6 Kailangan na nagbabayad ng buwis

Kapag may obligasyon na magbayad ng buwis, kakailanganin na ang itinakdang buwis ay bayaran, at kung hindi, ito ay magiging sanhi upang magkaroon ng negatibong pasya. Halimbawa, kung kasalukuyan ay nagmumulta dahil sa hindi pagbabayad ng buwis, ipapalagay na ang aplikante ay hindi sumusunod sa kaniyang obligasyon.

Gayunman, kahit na wala pang sentensyang natanggap ukol dito, multang binabayaran, ang mga maling gawa tulad ng hindi pagbabayad ng malaking halaga ng buwis o kaya ay matagal na hindi pagbabayad nito, ay magkaroon rin ng negatibong pasya.

7 Kailangan na isinasagawa ang mga obligasyon gaya ng pagpapatala at iba pa sa ilalim ng Immigration Act.

Kailangan na ang banyagang naninirahan ng mid-long term gamit ang status of residence ayon sa Immigration act ay nagsusumite ng mga impormasyon na nakalagay sa Residence card, nag-a-apply ng renewal ng validity period ng residence card, nag-a-apply ng re-issuance ng residence card sakaling ito ay nawala, nagsasauli ng residence card, at nagpapatala kaugnay sa kanyang kinabibilangang institusyon at ibang obligasyon na binabanggit sa loob ng Immigration act, mula sa mga artikulo 19-7 hanggang 19-13, artikulo 19-15 at 19-16.

<Period of stay na pumapailalim sa mid-long term visa>

Sinomang banyaga na may status of residence ng Immigration act, naninirahan sa Japan ng katamtaman hanggang sa mahabang panahon, at hindi pumapailalim sa alinmang kategorya mula (1) hanggang (5) na nakasulat sa ibaba.

- (1) Sinomang binigyan ng [3 buwan] pababa na period of stay.
- (2) Sinomang binigyan ng “Short-term” stay na visa.
- (3) Sinomang binigyan ng [Diplomatic] o kaya ay [Official] visa
- (4) Sinomang sinasaklaw ng ordinansa ng kagawaran ng katarungan na tumutukoy sa isang banyaga na binabanggit sa (1) hanggang (3).
- (5) Special Permanent Resident